6

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo 1- 4



SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 6**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writer:** Christopher D. Balatero, Jessel C. Oriat
Rogen P. Pecatoste, Marlo M. Ebale

**Editor:** Christopher D. Balatero

**Layout Artist:** Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | MARK LORENZ C. LUIB |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by** ______________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ______________________

**Linggo 1-3**

# Ang mga Pangunahing Suliranin at Hamon ng Kasarinlan ng mga Pilipino sa Ikatlong Republika

## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang masuri ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang matutunghayan ang mga problemang hinarap ng mga Pilipino sa pagbangon mula sa kamay ng mga dayuhan at mapinsalang digmaan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Mga Pangunahing Suliranin at Hamon ng Kasarinlan ng mga Pilipino sa Ikatlong Republika**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. natatalakay ang mga hamon at mga suliranin ng mga Pilipino pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig;
2. naiisa-isa ang mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pangulo ng Ikatlong Republika;
3. nailalarawan ang mga sanhi at epekto ng digmaan.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga katanungan. Pagkatapos ay pumili ka ng tamang sagot mula sa kahon. Isulat ang titik ng pinili mong sagot sa patlang ng bawat bilang.

**Mga pagpipilian**:

A. Hindi pagkilala ng administrasyong Roxas sa naiambag ng Huk sa pagpapalaya ng Pilipinas.
B. Hindi pagbayad ng mga Amerikano sa pangkat ng Huk.
C. Pamamahala ng Ikatlong Republika
D. Ikalawang Digmaang Pandaigdig
E. Kasarinlan ng Pilipinas
F. Manuel L. Quezon
G. Manuel A. Roxas
H. Mababang Moral
I. Arturo Tolentino
J. Takot
K. Anim
L. Walo
M. 30%
N. 20%

_____1. Ano ang dahilan ng malawakang pinsala sa buhay at ari-arian ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Amerikano at Hapones?

_____2. Ipinahayag ni Pangulong Harry S. Truman ng Estados Unidos noong Hulyo 4, 1946 na isa ng malayang estado ang Pilipinas. Ano ang ipinahiwatig nito?

_____3. Anong pamahalaan ang nabuo nang ipinagkaloob ng Amerika ang kalayaan ng Pilipinas mula Hulyo 4, 1946 hanggang sa pagpapatupad ng batas militar noong Setyembre 21, 1972?

_____4. Sino ang unang pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas?

_____5. Ilang pangulo ang namamahala sa loob ng apat na dekada ng Ikatlong Republika ng Pilipinas?

_____6. Bakit nagpaglipat-lipat ng lugar ang mga mamamayan sa panahon ng digmaan?

_____7. Ilang bahagdan na lamang sa mga gusali ng Pilipinas ang natirang nakatayo matapos ang digmaan?

_____8. Ano ang naging epekto sa pagkawala ng mga mahal sa buhay at kabuhayan ng mga Pilipino?

_____9. Paano nag-umpisa ang rebelyong HUK sa Sentral Luzon?

_____10. Sino ang mambabatas na nagpasimuno ng pagsasaayos ng sistema ng edukasyon upang maiangkop sa malayang Pilipino?



## ***Pag-aralan***

Sa gitna ng malawakang pinsala sa buhay at ari-arian dulot ng Ikalawang Digmaaang Pandaigdig, nagawa pa rin ng ng mga Pilipino na makatayo at makaahon mula sa pagkalugmok.

### Ang Pagsilang ng Ikatlong Republika

Noong Hulyo 4, 1946 ay naging ganap na malayang estado ang Pilipinas nang ipinahayag ni **Pangulong Harry S. Truman** ng Estados Unidos ang kasarinlan ng Pilipinas.Ang pamamahala ng **Ikatlong Republika** ay nagsimula noong taong 1946 at nagtapos noong taong 1986.Sa loob ng apat na dekada ng Ikatlong Republika, ang bansa ay pinamahalaan ng anim na pangulo kung saan ang bawat isa ay nagsasagawa ng iba't ibang patakaran at programa para sa higit na ikasusulong at ikabubuti ng bansa.Si **Manuel A. Roxas** ang naging unang pangulo ng Ikatlong Republika. Sinundan ito nina **Elpidio Quirino, Ramon Magsaysay, Carlos P. Garcia, Diosdado Macapagal, at Ferdinand E. Marcos.**

**Mga Suliranin at Hamon ng Kasarinlan sa Ikatlong Republika**

1. **Matinding pinsala ng digmaan.** Malaking pinsala ang idinulot ng digmaan sa bansa. Libo-libong buhay ang nawala at maraming ari-arian ang nasira. Hinarap ng pamunuan ni Pangulong Roxas ang mga naiwanang suliranin dulot ng digmaan. Lubhang naapektuhan ang produksiyon, negosyo, at lakas-paggawa sa bansa. Kailangan ding maiangat ang buhay at mapatatag ang kabuhayan ng mga Pilipino upang makabangon sa mga paghihirap na kanilang dinaranas. Tinatayang mahigit 5 000 gusali at tulay ang nakatayo sa buong bansa bago nagsimula ang digmaan. Nang matapos ito, 20 bahagdan na lamang sa mga gusali ang natirang nakatayo. Lahat ay pawang may palatandaan ng pagkasira, may mga tama ng bala at may bahaging nasabugan ng bomba. Dahil sa matinding kahirapang naranasan ng Pilipinas pagkatapos ng digmaan ay napilitan si Pang. Manuel Roxas na tanggapin ang tulong pinansiyal ng mga Amerikano.

2. **Pagbagsak ng ekonomiya.** Lumaganap ang kahirapan dahil sa kawalan ng hanapbuhay ng mga mamamayan. Dahil sa digmaan ay nasira ang mga imprastruktura, industriya, bukirin, taniman at bumagsak ang bilang ng mga hayupan.

   2.1 **Maraming uri ng salapi**. Nasa pitong libong piso ang halaga ng Mickey Mouse money ang naimprenta at ipinakalat ng mga Hapones sa bansa. Ito ay nasa iba't ibang denominasyon. Nagpakalat din ng salapi ang iba't ibang pangkat ng mga gerilya, na tinatayang umabot sa isang bilyong piso. Dahil sa paglaganap ng maraming uri ng salapi, nagkaroon ng banta sa katatagan ng pananalapi sa Pilipinas.

   2.2 **Mataas na presyo ng mga bilihin.** Ramdam ng karaniwang mamamayan ang bagsak na ekonomiya ng bansa. Laganap ang mataas na presyo ng mga bilihin dahil sa kakulangan ng suplay. Hindi sapat ang produksiyon sa pagkasira ng sakahan at pagawaan. Nagkaroon din ng pagtatago **(hoarding)** ng mga pangunahing bilihin

upang maibenta sa mas mataas na halaga.

3. **Rebelyong HUK sa Sentral Luzon.** Naging suliranin ng pamahalaan ang pagpapanatili ng pambansang seguridad na nanganib sanhi ng pagkilos ng mga **Huk**. Isang kapisanan ng mga magsasaka sa Kapatagang Luzon na naging kilabot na pangkat ng mga gerilya noong panahon ng Hapones, laban sa administrasyong Roxas. Bagama't tapos na ang digmaan, nagkaroon ng panloob na sagupaan ang mga sundalo ng pamahalaan at ng Estados Unidos laban sa mga kasapi ng Hukbalahap. Nag-ugat ang sagupaang ito sa hindi pagkilala ng pamahalaan sa naging ambag ng mga Huk sa pagpapalaya ng Pilipinas sa pananakop ng mga Hapones.

4. **Suliraning Panlipunan.** Matinding hirap at pagdurusa ang naging epekto ng nagdaang digmaan sa Pilipinas. Kapos sa pagkain ang mga mamamayan, lalo na sa mga lugar na sentro ng labanan. Nanirahan ang marami sa dikit-dikit at sira-sirang mga bahay at gusali. Dahil sa kakulangan ng paninda at salapi, tumaas ang halaga ng mga bilihin. Dagdag din sa suliranin ang mababang moral ng mga mamamayan dahil sa pagkawala ng kanilang mga mahal sa buhay at kabuhayan.

5. **Lumaganap ang katiwalian.** Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan sa pagpapayaman at nagkaroon ng pandaraya at suhulan sa pamahalaan. Ang 100 milyong dolyar na kabuuang halaga ng mga sasakyan, gamot, damit, at kagamitang pandigma ng mga Amerikano ay ipinagkaloob sa pamahalaan ng Pilipinas. Itinatag ang Surplus Property Commission, upang mangasiwa sa mga donasyong kagamitan mula sa Estados Unidos. Ipinagbili ng komisyon ang naturang mga kagamitan ngunit 73 milyong piso lamang ang iniulat na kabuuang halagang nalikom sa pagbebenta ng mga ito.

6. **Kakapusan ng pananalapi.** Pagkatapos ng digmaan, dumanas ng krisis sa pananalapi ang pamahalaan. Kakaunti lamang ang natirang salapi sa kaban ng bayan. Nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan

sapagkat walang hanapbuhay ang karamihan sa mga mamamayan. Natigil din ang pakikipagkalakalan sa ibang bansa dahil nahinto ang produksiyon ng mga pangunahing produkto tulad ng palay, asukal, at niyog.

7. **Isyu ng Kolaborasyon.** Naging malaking usapin sa bansa ang isyu ng kolaborasyon - mga Pilipinong nakipagtulungan sa mga Hapones. Karamihan sa mga dating lider ng Komonwelt, gaya nina Jose Laurel, Jorge Vargas, Claro Recto, at maging si Pangulong Roxas ay pawing mga naglingkod sa pamahalaang kolonyal
ng Hapon. Sa gitna ng digmaan, nagpalabas noon ng utos ang mga Amerikano na ang lahat ng mga kolaborador mula sa pinakamababang kawani ay papatawan ng parusa.

8. **Suliraning Pang-edukasyon.** Pagkatapos ng digmaan, ang pangunahing suliraning hinarap ng bansa ay ang rehabilitasyon o pagpapatatag sa pamumuhay ng mga Pilipino sapagkat malaking pinsala ang nagawa nito. Sa edukasyon, nagkaroon ng suliranin sa mga gusaling pampaaralan gayundin sa mga kinakailangang kagamitan dito. Naapektuhan ng digmaan ang sistema ng edukasyon noong panahon na yon. Nawasak at nasunog ang mga paaralan kasama ang mga dokumento at mga aklat.

Gumugol nang mahabang panahon upang makapagpatayo muli ng mga gusaling pampaaralan at pagsasaayos ng mga kagamitan nito. Ipinagpatuloy ang maka-Amerikanong sistema ng edukasyon. Itinuro pa rin ang mga kaisipang pangdemokrasya at Ingles pa rin ang wikang panturo.

Ang edukasyon ng mga mamamayan ay hindi angkop sa papasukang hanapbuhay. Kulang sila sa mga kasanayang kinakailangan sa mga gawaing nais nilang pasukan.May ilang Pilipino na nabahala sa sistema ng edukasyon noon. Isa na rito si Arturo Tolentino, isang mambabatas na nagpasimuno ng pagsasaayos ng sistema upang maiangkop sa malayang Pilipino.

## Mga Suliranin at mga Hamong Kinaharap ng bawat Pangulo sa Ikatlong Repulika ng Pilipinas

### MANUEL A. ROXAS
1946-1948

1. Pag-angat sa lugmok na ekonomiya ng bansa na naapektuhan sa digmaan.
2. Pagpapanatili sa pambansang seguridad na noon ay nanganib sanhi ng pagkilos ng HUK.
3. Paggbubuklod ng mga Pilipinong nahahati dahil sa isyu ng kolaborasyon.

### ELPIDIO R. QUIRINO
1948– 1953

1. Pag-angat ng kabuhayan sa bansa.
2. Pagsugpo sa banta ng komunismo sa bansa.
3. Pagpigil sa ginagawang panliligalig ng mga kasapi ng Huk .
4. Pagbabalik ng tiwala ng taong-bayan sa kakayahan at katapatan ng pamahalaan.

### RAMON MAGSAYSAY
1953-1957

1.Pagsasaayos sa mga daan at tulay

2. Pagpapaunlad sa mga sakahan

### CARLOS P. GARCIA
1957-1961

1.Pagpapaunlad sa antas ng pamumuhay ng mga mamamayan

2.pagbabago sa pamamalakad ng base-militar sa bansa

### DIOSDADO MACAPAGAL
1961-1965

1.Paglutas sa mga suliraning may kaugnay sa kawalan ng hanapbuhay ng maraming Pilipino

2.Pagkakaroon ng malinis at matapat na pangasiwaan

### FERDINAND E. MARCOS
1965-1972

1.Paglaganap ng katiwalian sa pamahalaan

2. Pagtaas ng kriminalidad

3.Paglaki ng pagitan ng antas ng pamumuhay ng mahihirap at mayayaman

4. Paglaganap ng komunismo

## Mga Sanhi at Epekto ng Digmaan

Ang digmaan ay tumutukoy sa hindi pagkakaunawaan ng dalawang bansa. Madalas, ang posibleng dahilan ng digmaan ay ang kagustuhan ng bansang mananakop na mapalawak ang kanilang nasasakupan. Bukod dito, may mga pagkakataon din na nais ng bansang mananakop na magkaroon ng panibagong mapagkukunan ng mga likas na yaman o hindi kaya ay mga hilaw na sangkap. Ang masamang **epekto ng digmaan** ay nakapagdudulot ng pagkawala ng buhay at pagkasira ng mga ari arian. Sa kabilang banda naman, ang digmaan ay madalas na nagbubunga ng pagbabago - pagbabago na madalas ay matagal nang inaasam ng mga tao.

Mga pangunahing sanhi ng digmaan

Maraming posibleng maging dahilan ang pagkakaroon ng digmaan. Gayunpaman, narito ang ilan sa mga mayroong mas mataas na posibilidad na maging sanhi ng digmaan:

1. Kolonisasyon o pagpapalawak ng nasasakupan
2. Hindi pagkakaunawan sa pagitan ng gobyerno at mamamayan
3. Korapsyon


**Masamang Epekto:**

1. Pagkawala ng buhay
2. Nakakapanakit sa mga tao
3. Kahirapan
4. Nakasisira ng ari arian
5. Sumisira sa kapaligiran

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1.**

**Panuto**: Buuin ang tsart upang maipakita ang mga suliranin at hamon ng kasarinlan ng mga Pilipino sa Ikatlong Republika.




**Gawain 2**

**Panuto:** Suriin ang isinasaad ng mga pangungusap.Salungguhitan ang sanhi at ikahon ang bunga sa sumusunod na mga pahayag.

1. Dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang ekonomiya at kabuhayan ng bansa ay lubos na naapektuhan.
2. Naging ganap na malayang estado ang Pilipinas nang ipinahayag ni Pangulong Harry S. Truman ng Estados Unidos ang kasarinlan ng Pilipinas.
3. Dahil sa matinding kahirapang naranasan ng Pilipinas pagkatapos ng digmaan ay napilitan si Pang. Manuel Roxas na tanggapin ang tulong pinansiyal ng mga Amerikano.
4. Lumaganap ang kahirapan dahil sa kawalan ng hanapbuhay ng mga mamamayan.
5. Dahil sa paglaganap ng maraming uri ng salapi, nagkaroon ng banta sa katatagan ng pananalapi sa Pilipinas.
6. Laganap ang mataas na presyo ng mga bilihin dahil sa kakulangan ng suplay.
7. Naging suliranin ng pamahalaan ang pagpapanatili ng pambansang seguridad na nanganib sanhi ng pagkilos ng mga Huk.
8. Nagkaroon ng panloob na sagupaan ang mga sundalo ng pamahalaan at ng Estados Unidos laban sa mga kasapi ng Hukbalahap dahil sa hindi pagkilala ng pamahalaan sa naging ambag ng mga Huk sa pagpapalaya ng Pilipinas sa pananakop ng mga Hapones.
9. Dagdag din sa suliranin ang mababang moral ng mga mamamayan dahil sa pagkawala ng kanilang mga mahal sa buhay at kabuhayan.
10. Nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan sapagkat walang hanapbuhay ang karamihan sa mga mamamayan.

**Gawain 3**

**Panuto:** Gumawa ng **semantic web** tungkol sa mga sanhi at epekto ng digmaan.




## Gawain 4

**Panuto:** Gamit ang iyong kaalaman sa araling napag-aralan, gumawa ng KWL tsart (Know, What, Learn Chart).

**Rubrik sa Pagpupuntos**


| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatoto-hanan | Makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohanan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhain at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhain at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

| K | W | L |
|---|---|---|
| Ano-ano ang nalaman nyo tungkol sa digmaan? | Ano-ano ang nais nyong malalaman tungkol sa hamon at suliranin pagkatapos ng digmaan? | Ano-ano ang nalamang suliranin at hamon pagkatapos ng digmaan? |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



## *Paglalahat/Repleksyon*

| | | |
|---|---|---|
| 3 | 3 bagay na nakita ko | Natuklasan ko…<br>1. ______________________<br>______________________<br>2. ______________________<br>______________________<br>3. ______________________<br>______________________ |
| 2 | 2 interesadong bagay na natutunan ko | Natutunan ko ang…<br>1. ______________________<br>______________________<br>2. ______________________<br>______________________ |
| 1 | 1 bagay na nalilito ako | Kailangang matuto pa ako…<br>1. ______________________<br>______________________ |



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang dahilan ng malawakang pinsala sa buhay at ari-arian ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Amerikano at Hapones?
   A. Isyu ng Kolaborasyon
   B. Unang Digmaang Pandaigdig
   C. Ikalawang Digmaang Pandaigdig
   D. Rebelyong HUK sa Sentral Luzon

2. Ipinahayag ni Pangulong Harry S. Truman ng Estados Unidos noong Hulyo 4, 1946 na isa ng malayang estado ang Pilipinas. Ano ang ipinahiwatig nito?
   A. Kasarinlan ng Pilipinas
   B. Pagkilala ng kapangyarihan ng Huk

C. Pagbayad ng Hapon sa pinsala ng digmaan
D. Pagbayad ng Estados Unidos sa pinsala ng digmaan

3. Anong pamahalaan ang nabuo nang ipinagkaloob ng Amerika ang kalayaan ng Pilipinas mula Hulyo 4, 1946 hanggang sa pagpapatupad ng batas militar noong Setyembre 21, 1972?
   A. Unang Republika
   B. Ikatlong Republika
   C. Ikalawang Republika
   D. Ika-apat na Republika

4. Sino ang unang pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas?
   A. Elpidio Quirino
   B. Manuel A. Roxas
   C. Manuel L. Quezon
   D. Ramon magsaysay

5. Ilang pangulo ang namamahala sa loob ng apat na dekada ng Ikatlong Republika ng Pilipinas?
   A. Anim
   B. Apat
   C. Sampu
   D. Walo

6. Bakit nagpaglipat-lipat ng lugar ang mga mamamayan sa panahon ng digmaan?
   A. Dahil sa takot
   B. Upang makasapi sa pangkat ng Huk
   C. Upang hindi mahanap ng mga Hapones
   D. Dahil sa pagkawala ng mga mahal sa buhay

7. Ilang bahagdan na lamang sa mga gusali ng Pilipinas ang natirang nakatayo matapos ang digmaan?
   A. 10%
   B. 20%
   C. 30%
   D. 40%

8. Ano ang naging epekto sa pagkawala ng mga mahal sa buhay at kabuhayan ng mga Pilipino?
   A. Pagsali sa hukbo ng Huk
   B. Katiwalian sa pamahalaan
   C. Pakikiisa sa mga dayuhan

D. Mababang moral ng mga mamamayan

9. Paano nag-umpisa ang rebelyong HUK sa Sentral Luzon?
   A. Hindi pagbayad ng mga Amerikano sa pangkat ng Huk
   B. Hindi pagbigay sa pinuno ng Huk ng katungkulan sa pamahalaan
   C. Hindi pagbigay ng pamahalaan sa hinihinging mga sandata ng Huk
   D. Hindi pagkilala ng administrasyong Roxas sa naiambag ng Huk sa pagpapalaya ng Pilipinas.

10. Sino ang mambabatas na nagpasimuno ng pagsasaayos ng sistema ng edukasyon upang maiangkop sa malayang Pilipino?

A. Elpidio Quirino　　C. Manuel A. Roxas

B. Arturo Tolentino　　D. Manuel L. Quezon

11. Alin sa mga sumusunod ang hindi naglalarawan tungkol sa kalagayan ng edukasyon matapos ang ikalawang digmaan?

A. nawalan ng mga kagamitan
B. nasira ang mga gusaling pampaaralan
C. maraming aklat ang ginagamit sa klase
D. lumaki ang bilang ng mga nagsisipag-aral

12. Ano ang pangunahing suliraning hinarap ng bansa pagkatapos ng digmaan?

A. Isyu ng Kolaborasyon
B. Pambansang seguridad
C. Paglaganap ng katiwalian
D. Rehabilitasyon o pagpapatatag sa pamumuhay

13. Bakit nagkaroon ng isyu ng kolaborasyon tungkol sa mga Pilipinong nakipagtulungan sa mga Hapones?

A. Dahil sa kakulangan ng paninda at salapi
B. Dahil nahinto ang produksiyon ng mga pangunahing produkto ng bansa
C. Dahil ang mga dating lider ng Komonwelt ay pawing mga naglingkod sa pamahalaang kolonyal ng Hapon
D. Dahil papatawan ng parusa ng mga Amerikano ang lahat ng mga kolaborador mula sa pinakamababang kawani

14. Sino ang huling pangulo ng Ikatlong Republika na nagkaproblema sa paglaganap ng komunismo?

A. Elpidio Quirino
B. Ramon Magsaysay
C. Ferdinand E. Marcos
D. Diosdado Macapagal

15. Bakit nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan sa panahon ng Ikatlong Republika?
A. Dahil sa kakulangan ng paninda at salapi
B. Dahil sa katiwalian ng mga nanunungkulan sa pamahalaan
C. Sapagkat walang hanapbuhay ang karamihan sa mga mamamayan
D. Sapagkat ang mga lider ng Komonwelt ay pawing mga naglingkod sa pamahalaang kolonyal ng Hapon

16. Alin sa mga sumusunod ang pinakamasakit na epekto ng digmaan?
A. kahirapan
B. pagkawala ng buhay
C.pagkasira ng kalikasan
D. pagkawasak ng mga ari-arian

17. Paano lumaganap ang katiwalian sa panahon ng Ikatlong Republika?
A. Pakikiisa ng ilang lider sa pamahalaang kolonyal ng Hapon.
B. Pagbili ng mga pinuno ng bansa sa mga sandata para sa sariling proteksyon.
C. Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan sa pagpapayaman.
D. Ginamit ng mga opisyal ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan sa paglilingkod sa mga mamamayan.

18. Ano ang wikang ginamit na panturo sa mga paaralan sa panahon ng Ikatlong Republika?
A. Ingles
B. Tagalog
C. Hapones
D. Espanyol

19. Matapos ang digmaan, bakit nagkaroon ng pagtatago ng mga pangunahing bilihin?
A. para hindi makabayad ng buwis
B. para hindi maubusan ng produkto
C. upang maibenta sa mababang presyo
D. upang maibenta sa mas mataas na halaga

20. Paano binigyang pansin ni Pangulong Magsaysay ang suliraning pangkabuhayan ng bansa?
A. pagsugpo sa komunismo
B. pangungutang sa ibang bansa
C. pagpapaunlad sa mga sakahan
D. pagtaas ng sahod sa mga manggagawa

# Linggo 4 — Pagtugon ng Pamahalaang Roxas sa mga Suliranin at mga Hamong Kinaharap ng mga Pilipino



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang matalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maipamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Ang Panunungkulan ni Manuel A. Roxas**
**(Hulyo 4, 1946 – Abril 15, 1948)**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. nasusuri ang mga patakaran at programa ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin at hamon sa kasarinlan;
2. naiisa-isa ang mga kontribusyon ng bawat pangulo na nakapagdulot ng kaunlaran sa lipunan at sa bansa;
3. nakabubuo ng kongklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nasabing pangulo.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat pahayag at tukuyin ang hinihingi nito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang sanhi ng pagkamatay ni Manuel A. Roxas?
   A. atake sa puso
   B. pagkamatay sa digmaan
   C. pagkamatay sanhi ng katandaan
   D. pagbagsak ng sinasakyang helikopter
2. Sino ang kauna-unahang pangulo ng Ikatlong Republika?
   A. Carlos Garcia
   B. Manuel Quezon
   C. Manuel Roxas
   D. Sergio Osmeña

3. Anong kapisanan ng mga magsasaka sa Kapatagang Luzon ang naging kilabot na pangkat ng mga gerilya noong panahon ng mga Hapones?
   A. HUKBALAHAP
   B. KALIBAPI
   C. KEMPEITAI
   D. MAKAPILI

4. Ano ang tawag sa samahang binuo ni Roxas na may layuning tumulong sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapahiram ng puhunan upang sila'y makapagsimula muli pagkatapos ng digmaan?
   A. NARIC
   B. NTC
   C. RFC
   D. PACSA

5. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa programa at patakaran ni Pangulong Manuel Roxas?
   A. pagsasaayos ng elektripikasyon
   B. pagsasanay sa mga gawaing bokasyonal
   C. pagtatag ng mga kaluwagan sa pagpapautang
   D. pagpapaunlad sa sistema ng patubig o irigasyon sa buong bansa na kailangan sa pagsasaka

6. Kailan naiproklama ni Roxas ang pangkalahatang amnestiya na siyang nagwakas sa isyu ng kolaborasyon?
   A. Enero 17, 1948
   B. Pebrero 13, 1948
   C. Marso 11, 1948
   D. Nobyembre 15, 1948

7. Saan namatay si Pangulong Roxas?
   A. Angeles City
   B. Cebu City
   C. Olongapo City
   D. Quezon City

8. Kailan unang ipinagdiwang ang kalayaan ng Pilipinas kung saan nahalal si Roxas bilang unang pangulo ng Ikatlong Republika?
   A. Abril 15, 1946 C. Hulyo 4, 1946
   B. Enero 12, 1946 D. Marso 11, 1946

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga suliraning kinaharap ni Roxas?
   A. Pagsugpo sa banta ng komunismo sa bansa.
   B. Pagbubuklod sa mga Pilipinong nahati dahilan sa isyu ng kolaborasyon.
   C. Pag-aangat sa lugmok na ekonomiya ng bansa na sadyang naapektuhan ng digmaan.
   D. Pagpapanatili ng pambansang seguridad na noon ay nanganib sanhi ng pagkilos ng Huk.

10. Noong Abril 1946, sinong pangulo ang nahalal bilang huling pangulo ng Pamahalaang Komonwelt?
   A. Carlos P. Garcia C. Ferdinand E. Marcos
   B. Diosdado M. Macapagal D. Manuel A. Roxas



## *Pag-aralan*

**Ang Panunungkulan ni Manuel A. Roxas (Hulyo 4, 1946 – Abril 15, 1948)**

Si Manuel Roxas ay mula sa Capiz at isa sa mga Pilipinong mambabatas noong panahon nga mga Amerikano. Isa siya sa masugid na nangampanya para sa kalayaan. Kasama siya ni Sergio Osmeña sa Misyong Os-Rox (hango sa *Osmeña* at *Roxas*) para sa pagtataguyod ng kalayaan. Matagumpay na nakuha nila ang Hare-Hawes-Cutting Act mula sa Kongreso ng US. Ito ang unang batas na nagtatalaga ng sampung taon ng Komonwelt ng Pilipinas. Ngunit dahil ayaw tanggapin ni Pangulong Quezon, ito ay napalitan ng halos kapareho ring Tydings-McDuffe Act maliban sa isang probisyon.

**Mga Suliraning Kinaharap ni Roxas**

Maraming mga suliranin ang kinaharap ni Roxas bilang pangulo ng bansa dulot ng epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Katulong niya sa pamamalakad ng bansa ang kanyang pangalawang pangulong si Elpidio Quirino at ang mga kasapi ng kanyang gabinete. Ilan sa mga suliraning kanyang kinaharap ay ang sumusunod:

1. Pag-aangat sa lugmok na ekonomiya ng bansa na sadyang naapektuhan ng digmaan. Dahil sa giyera ay nasira ang mga impraestruktura, industriya, bukirin, at taniman at bumagsak ang bilang ng mga hayupan.

2. Pagpapanatili ng pambansang seguridad na noon ay nanganib sanhi ng pagkilos ng mga Huk, isang kapisanan ng mga magsasaka sa Kapatagang Luzon na naging kilabot na pangkat ng mga gerilya noong panahon ng mga Hapones, laban sa kanyang administrasyon.

3. Pagbubuklod sa mga Pilipinong nahati dahilan sa isyu ng kolaborasyon. Ito ang sigalot na humati sa samahan ng mga Pilipino lalo na sa mga lider nito sa dalawang pangkat. Sa panunungkulan ni Roxas, naging malambot ang posisyon ng pamahalaan laban sa mga kolaboreytor. Siya man ay nakipagtulungan sa mga Hapones noong panahon ng digmaan at naniniwala na hindi lahat ng kolaboreytor ay dapat ituring na taksil. Noong Enero 17, 1948, nagdesisyon ang Korte Suprema na ang pagkakahirang sa mataas na posisyon ng ilang Pilipino sa pamahalaan noong panahon ng digmaan ay hindi batayan ng pagtataksil. Ito ang naging batayan ni Roxas upang iproklama niya ang pangkalahatang amnestiya noong Pebrero 13, 1948. Sa pamamagitan nito, nagwakas ang isyu ng kolaborasyon.

**Mga Programa at Patakaran**

Upang masolusyunan ang problema hinggil sa ekonomiya ng bansa ay isinagawa niya ang sumusunod:

1. Pagsasaayos ng elektripikasyon
2. Pagsasanay sa mga gawaing bokasyonal
3. Pagtatatag ng mga kaluwagan sa pagpapautang
4. Paghimok sa mga kapitalistang Amerikanong mamuhunan sa Pilipinas
5. Pagpapasiyasat sa mga likas na yaman ng bansa na humantong sa pagmumungkahi na kailangang magtatag ng mga industriyang mangangalaga at lilinang sa mga likas na yaman ng Pilipinas

Sa panahon din ng panunungkulan ni Roxas ay binigyan niya ng pansin ang pagpapalaki ng produksiyong magbibigay-pansin sa pagpapaunlad ng industriya at pagsasaka. Maraming korporasyon o

samahang itinatag upang mangalaga sa kapakanan ng mga magsasaka gaya ng sumusunod:

- NARIC – National Rice and Corn Corporation
- NACOCO – National Coconut Corporation
- NAFCO – National Abaca and Other Fibers Corporation
- NTC – National Tobacco Corporation

Bukod sa mga korporasyon o samahang tumulong sa mga magsasaka ay binuo rin ni Roxas ang RFC o Rehabilitation Finance Corporation upang tulungan ang mga tao at mga pribadong kompanyang makapagsimula muli at makapagpanibagong-buhay pagkatapos ng digmaan.

**Sistema ng Pangasiwaan ni Roxas**

Sa ilalim ng pangasiwaan ni Roxas ay mahigpit niyang ipinatupad ang patakarang Pro-American at Anti-Communist. Sa kanyang termino nangyari ang matibay na pakikipagsundo ng Pilipinas sa Amerika ukol sa sumusunod:

1. pagpapanatili ng mabuting relasyon ng Amerika at Pilipinas
2. pagtatayo ng mga base-militar ng mga Amerikano sa bansa
3. pagtiyak sa alalay na tulong ng Amerika sa bansa sa panahon ng digmaan
4. pagpapatibay ng Parity Rights na dumaan pa sa isang plebisito noong Marso 11, 1947 na nagbigay sa Estados Unidos ng karapatang gumamit at luminang sa yamang-likas ng bansa
5. pagpapatupad ng Philippine Trade Act of 1946 na nagsasabing ang Amerika ay malayang makipagkalakalan sa Pilipinas
6. pagpapatibay ng Philippie Currency Act na nagsasabing ang Amerika ang kokontrol sa pagpapanatili ng halaga ng ating pananalapi

Subalit ang panunungkulan ni Roxas ay madaling nagwakas. Noong Abril 15, 1948 sa Clark Air Base, Angeles City, matapos siyang magtalumpati, siya ay inatake sa puso na naging dahilan ng kanyang pagkamatay. Humalili sa kanya ang halal na Pangalawang Pangulo, si Elpidio Quirino.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: Suriin ang sumusunod na programa at patakaran ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagtukoy ng Tama o Mali kung ang mga ito ba ay nailunsad sa panunungkulan ni Pangulong Roxas. Isulat sa linya ang **T** kung ito ay tama at **M** naman kung ito ay mali.

_____ 1. Nagpatibay ng Parity Rights

_____ 2. Nagkaloob ng pangkalahatang amnestiya sa mga kolaboreytor

_____ 3. Tumanggap ng mga mungkahing isinasaad ng Misyong Bell

_____ 4. Nagbigay ng amnestiya sa mga miyembro ng Huk na magsusuko ng kanilang sandata

_____ 5. Nagbigay ng sapat na karapatan ang mga manggagawa sa bisa ng Magna Carta of Labor

_____ 6. Nagpatibay ng Philippine Currency Act na nagsasabing ang Amerika ang kokontrol sa pagpapanatili ng halaga ng ating pananalapi

_____ 7. Nagpatupad ng Philippine Trade Act, batas na nagbibigay ng kalayaan sa Amerika na makipagkalakalan sa Pilipinas

_____ 8. Pinag-ibayo ang mga programang may kinalaman sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga bansa

_____ 9. Nagpatupad ng patakarang Pro-American at Anti-Communist

_____ 10. Nagbigay-pansin sa pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng industriyalisasyon

**Gawain 2**

**Panuto:** Sa pamamagitan ng Concept Mapping, isa-isahin ang mga katangian ni Roxas bilang pangulo ng bansa. Pagkatapos, bumuo ng sarili mong kongklusyon kung ano ang pinakamahusay niyang nagawa sa pamamahala ng bansa.

| Rubrik sa Pag-iskor sa Concept Map | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Napakahusay 8 puntos** | **Mahusay 6 puntos** | **Nalilinang 4 puntos** | **Nagsisi-mula 2 puntos** |
| Nilalaman | Kumpleto at . wasto ang lahat ng impormasyon. | Ang dalawang impormasyon ay hindi tama. | Apat na impormasyon ay hindi tama. | May dalawang tamang sagot lamang. |
| Baybay, Pagsulat sa malaking titik, tamang pagkakasulat. | Malinaw, maayos at tama ang baybay ng mga salita, may malaking titik, at wasto ang pagkakasulat. | Tama ang baybay ng mga salita, may malaking titik, ngunit hindi maayos ang pagkakasulat. | May kaunting kamalian sa baybay at pagsulat ng mga pangalan. | Maraming hindi wastong pagbabaybay, malaking titik, at hindi maayos ang pagkakasulat. |

**Manuel A. Roxas**

Pinakamahusay na Gawa

Mga Katangian



## *Paglalahat/Repleksyon*

| | | |
|---|---|---|
| 3 | 3 bagay na nakita ko | Natuklasan ko…<br>1.______________________________<br>______________________________<br>2.______________________________<br>______________________________<br>3.______________________________<br>______________________________ |
| 2 | 2 interesadong bagay na natutunan ko | Natutunan ko ang…<br>1.______________________________<br>______________________________<br>2.______________________________<br>______________________________ |
| 1 | 1 bagay na nalilito ako | Kailangang matuto pa ako…<br>1.______________________________<br>______________________________ |

## Panapos na Pagtataya

**Panuto**: Isa-isahin ang mga kontribusyon ni Pangulong Manuel A. Roxas sa pamamagitan ng pagpuno sa nawawalang salita sa bawat programang kanyang nilikha. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

1. NARIC – National Rice and ________________________ Corporation
2. NAFCO – National ________________________ and Other Fibers Corporation
3. NTC – National ________________________ Corporation
4. NACOCO – National ________________________ Corporation
5. RFC – ________________________ Finance Corporation
6. HUKBALAHAP – Hukbong Bayan Laban sa mga ________________________
7. PTA – Philippine ________________________ Act

8. PCA – Philippine ______________________ Act

9. UN – United ______________________


10. MBA – Military Bases ______________________

# *Susi sa Pagwawasto*

### Linggo 1-3

| Paunang Pagtataya | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. D | 2. E | 3.C | 4.G | 5.K | 6. J | 7.N | 8.H | 9.A | 10.I |

### Gawain 1




## Gawain 2

1. <u>Dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig</u>

2.

| Naging ganap na malayang estado ang Pilipinas | ang ekonomiya at kabuhayan ng bansa ay lubos na naapektuhan. |
|---|---|

nang ipinahayag ni Pangulong Harry S. Truman ng Estados Unidos ang kasarinlan ng Pilipinas.

3. Dahil sa matinding kahirapang naranasan ng Pilipinas pagkatapos ng digmaan ay

napilitan si Pang. Manuel Roxas na tanggapin ang tulong pinansiyal ng mga Amerikano.

4. Lumaganap ang kahirapan dahil sa kawalan ng hanapbuhay ng mga mamamayan.

5. Dahil sa paglaganap ng maraming uri ng salapi nagkaroon ng banta sa katatagan ng pananalapi sa Pilipinas

6. Laganap ang mataas na presyo ng mga bilihin dahil sa kakulangan ng suplay.


7. Naging suliranin ng pamahalaan ang pagpapanatili ng pambansang seguridad na nanganib sanhi ng pagkilos ng mga Huk.

8. Nagkaroon ng panloob na sagupaan ang mga sundalo ng pamahalaan at ng Estados Unidos laban sa mga kasapi ng Hukbalahap dahil sa hindi pagkilala ng pamahalaan sa naging ambag ng mga Huk sa pagpapalaya ng Pilipinas sa pananakop ng mga Hapones.

9. Dagdag din sa suliranin ang mababang moral ng mga mamamayan dahil sa pagkawala ng kanilang mga mahal sa buhay at kabuhayan.

10. Nahirapang makalikom ng buwis ang pamahalaan sapagkat walang hanapbuhay ang karamihan sa mga mamamayan.

## Gawain 3




## Gawain 4

Depende sa sagot ng bata

**Panapos na Pagtataya**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. A | 11.C | 16.B |
| 2. A | 7. B | 12.D | 17.C |
| 3. B | 8. D | 13.C | 18.A |
| 4. B | 9. D | 14.C | 19.D |
| 5. A | 10. B | 15.C | 20.C |

**Linggo 4:**

**Paunang Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. B |
| 2. C | 7. A |
| 3. A | 8. C |
| 4. C | 9. A |
| 5. D | 10. D |

**Panapos na Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. Corn | 6. Hapones |
| 2. Abaca | 7. Trade |
| 3. Tobacco | 8. Currency |
| 4. Coconut | 9. Nations |
| 5. Rehabilitation | 10. Agreement |

**Gawain 1**

| | |
|---|---|
| 1. T | 6. T |
| 2. T | 7. T |
| 3. M | 8. M |
| 4. M | 9. T |
| 5. M | 10. M |

**Gawain 2**

**Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral**

# ***Sanggunian***

**Linggo 1-4**:

Palu-ay, A.Makabayan Kasaysayang Pilipino (2010) pp.196-206.